

PROLOGUE

“How do I look?”

Masusing pinagmasdan ni Mrs. Lyn Crisostomo ang anak. Bakas sa hugis-pusong mukha ni Kristine ang kaligayahan. Bumagay sa balingkinitan niyang katawan ang traje de boda na bagaman simple ang pagkakayari ay eleganteng tingnan.

“You’re beautiful, hija,” maluha-luhang saad nito na bagaman nakangiti ay hindi pa rin maitago ang lungkot sa mga mata. “Parang kailan lang, karga-karga kita at ipinaghehele. Ngayon ay iiwan mo na kami ng papa mo.”

Napabuntong-hininga siya. Nilapitan niya ang nagsesentimyentong ina at inalo. “Ma, cheer up, please. This is my wedding day, not a funeral. Di ba dapat matuwa ka dahil madadagdagan ang anak mo? Dadalaw pa rin naman kami ni Marvin nang madalas sa inyo ng Papa.”

“Hmph! Napakataas naman kasi ng pride niyang mapapangasawa mo, eh,” nakairap na tugon nito. “Kakalug-kalog naman tayo dito sa bahay ay mas gusto pa na sa apartment kayo tumira. Sa iyo rin

naman mapupunta ang bahay na ito kapag nawala na kami ng papa mo. Nag-iisa ka naming anak ay ilalayo ka pa sa amin ng herodes na iyon!” At tuluyan na itong napaiyak.

Here we go again, nangingiting usal ni Kristine sa isipan. Naiintindihan niya ang damdamin ng magulang dahil kung siya lang ang masusunod ay ayaw rin niyang lumayo sa mga ito, pero kailangan din niyang magpasakop sa kagustuhan ng mapapangasawa. Masuyo niyang inakbayan ang ina na panay ang punas ng panyo sa mga mata.

“Ma, di ba naipaliwanag na namin ni Marvin ang dahilan? Di ba kayo ng Papa ay nagsarili din after your wedding day?”

“Huwag ka sanang magtatampo, hija, pero iba naman ang sitwasyon namin ng papa mo sa inyo ni Marvin. Nang magdesisyon kaming pakasal ay nakahanda na kami. Nakapagpatayo na kami ng bahay at matatag na ang business namin kahit na maliit lang ito. Hindi naman kami tutol kay Marvin dahil alam naming mahal mo siya at hangad namin ang kaligayahan mo. Ang gusto lang namin ng papa mo ay handa na kayo sa ganitong bagay.”

Natigilan si Kristine. May katotohanan ang sinabi ni Mrs. Crisostomo. Sa sarili ay aminado siyang hindi

pa sila gaanong matatag ni Marvin kung sa pinansyal na bagay ang pag-uusapan. Tatlong buwan pa lang na nare-regular sa trabaho ang nobyo matapos ang isang taong pagtitiyaga nito sa kompanyang pinapasukan.

Siya naman ay kasalukuyang nakikilala bilang fashion model at marami ang nanghihinayang sa kanyang career. Napangiti si Kristine nang maalala kung pano humagulhol si Coney nang ibalita niyang pakakasal na siya kay Marvin. Hindi lang talent manager ang papel ng babae sa kanya kundi ito rin ang matalik niyang kaibigan simula pa nang college sila.

“hija, huwag mo sanang mamasamain, pero bakit ba parang nagmamadali kayo ni Marvin? Napakabata pa ninyo kung tutuusin. You’re only twenty years old and he’s twenty-one! Malayo pa sana ang mararating ng career ninyo at higit n’yong mapaghahandaan ang inyong kinabukasan.”

“Ma, parang gusto ninyo yatang huwag na naming ituloy ang kasal ngayon, ah,” natatawang tukso niya.

“Kung puwede nga lang ba, eh. Pero nandiyan na iyan, may magagawa pa ba ako?”

Kapwa sila inabutan ni Mr. Rodrigo Crisostomo,

ang kanyang ama.

“Sorry to disturb you, ladies,” nakangiting saad nito bago masuyong pinagmasdan ang dalaga.

Hindi nakaila sa kanya ang lungkot sa mga mata nito. Napabuntung-hininga ito at iniwas ang tingin sa kanya.

“We must hurry now, sweetheart, or we’ll be late. But first I want to give you this.”

Pigil ang emosyon na inabot ni Kristine ang envelope sa ama. Isang folder ang laman niyon at nang basahin niya ang mga papeles, di-makapaniwalang napatingin siya sa mga magulang.

“Gift namin ng mama mo sa inyo ni Marvin.”

“But this is too much, Pa!”

Nakangiting inakbayan siya ng ama at pinisil ang baba niya. “No, hija. Hindi siguro mamasamain ni Marvin ang regalo namin ng mama mo. Nasa pangalan mo naman ang titulo niyan.”

“Napagkasunduan kasi namin na mas makabubuti kung house and lot ang ireregalo namin sa kasal ninyo nang sa ganoon ay hindi na kayo uupa ng apartment at mas mabilis kayong makakaipon. Hindi nga lang kalakihan ang bahay pero sarili ninyo. Malapit din

iyang sa pinagtatrabahuan ni Marvin.”

“Tama ang mama mo, hija. Hayaan mo nang kahit sa ganitong paraan ay matulungan namin kayo. Kung gusto mo na magnegosyo para matulungan ang asawa mo ay pahihiramin ka namin ng puhunan.”

Naiiyak na yumakap si Kristine sa dalawa. Kahit kailan, kaligayahan at kinabukasan niya palagi ang priority ng mga ito.

Inilihim niya sa mga ito na ang insecurities at pagseselos ni Marvin ang dahilan ng maaga nilang pagpapakasal. Mula nang unti-unti na siyang nakikilala sa pagmomodelo ay palagi na silang nagtatalo. Lagi na lang itong nagdududa sa mga lalaking nakapaligid sa kanya. Madalas ay tumatagal ang kanilang tampuhan hanggang sa siya na rin ang sumuko.

Bagaman labag sa loob niya ay sumang-ayon na siya sa kagustuhan ng nobyo na magpakasal sila at sa bahay na lamang siya. Sinikap niyang unawain ito dahil na rin sa pagmamahal niya rito.

Huminga siya nang malalim at sinikap iwaksi sa isipan ang mga alalahanin. Kailangang isakripisyo niya ang isang pangarap para sa katuparan ng isa pang pangarap—ang makapiling habang-buhay ang

lalaking minamahal.

“O siya... tama na ang pag-iyak at baka naiinip na si Marvin. Ang ganda-ganda talaga ng anak mo. Manang-mana sa akin!” saad ni Mr. Crisistomo sa pinagsiglang tinig.

Marahan niyang pinahid ang luhang nangilid sa sulok ng kanyang mga mata. Nakangiting humawak si Kristine sa braso ng mga magulang at sabay-sabay na silang lumabas sa kwarto niya.

Kaagad na sumalubong sa bridal car ang nakakatandang kapatid ni Marvin nang makarating sila sa simbahan. Hindi malaman ni Kristine kung bakit nakaramdam siya ng takot nang sulyapan siya nito bago hiniling na makausap nang sarilinan ang papa niya.

Pilit niyang kinalaban ang nerbyos. Sumilip siya sa bintana ng kotse at napamaang sa nakita. Sa halip na masasayang mukha ng mga tao ang makita ay lungkot at pagkaawa ang nakalarawan sa mukha ng mga ito habang nakatingin sa kanya. Ang iba ay parang umiiyak pa.

Napasandal siya sa upuan at pumikit.

“hija...”

Unti-unti siyang nagmulat. Napansin niyang balisa ang ina gayong kanina lamang ay masaya ito.

“May sasabihin sa iyo ang papa mo.”

Napatingin siya sa unahan ng kotse pero hindi niya nakita ang ama.

“Nasaan ang Papa?”

“Narito ako, hija.”

Gulat na napatingin siya sa gawi ng ina. Katabi nito ang papa niya. Pero bakit hindi niya ito napansin kanina? May takot sa mga mata na tumitig siya rito.

“hija, hinda na matutuloy ang kasal ninyo. Hindi makararating si Marvin.”

Banayad lang ang pagkakasabi nito ng mga pangungusap na iyon pero parang nabingi si Kristine. May basehan pala ang takot niya. Nag-unahang tumulo ang luha sa mga mata niya habang tulala na nakatitig sa ama.

Nag-aalalang hinawakan ni Mrs. Crisostomo ang isang kamay niya pero hindi na niya iyon halos nararamdaman. Nanatili siyang nakatingin kay Mr. Crisostomo, panay ang tulo ng luha.

“Naaksidente si Marvin habang patungo dito.

My Knight in Shining Armor - Bel Arcila

Bumangga ang kotse niya sa pader nang mawalan iyon ng preno. Hindi na siya umabot sa ospital, hija, ayon sa mga taong tumulong sa kanya. Ang driver niya ay kritikal pa rin ang kalagayan,” pagpapatuloy nito na halos gumaralgal na ang boses sa labis na pag-aalala sa anak.

Nooo...! Hindi totoo ito! Buhay si Marvin! sigaw niya sa isipan bago nagdilim ang kanyang kamalayan.

1

“Is there anything wrong, Sir?” naiiritang tanong ni Kristine nang hindi na makatiis. Kanina pa niya napapansin ang masusing pagmamasid sa kanya ni Duke. Pakiramdam tuloy niya ay isa siyang specimen na nasa ilalim ng microscope.

Tatlong taon na ang nakakaraan mula nang mangyari ang trahedyang nagpabago sa buhat at pagkatao ng dalaga. Magdadalawang taon na rin siyang nagtatrabaho sa Montero Travel and Tours Agency bilang executive secretary. Wala siyang naging problema kay Mr. Ramon Montero at itinuring na rin niya itong pangalawang ama kaya nalungkot siya nang ipasya nitong isalin sa anak na si Duke ang pamamahala sa ahensya maglilimang buwan pa lamang ang nakakaraan.

Mabait at palabiro rin ang binata gaya ng matandang Montero, pero nangungunsumi siya rito. Isang linggo pa lamang itong nagtatrabaho ay problema na ang dala.

Mula umaga hanggang hapon ay iba-ibang babae ang naghahanap dito. Nang kausapin niya ay girlfriends pala nito ang mga iyon.

“Miss Crisostomo, I know you can handle them. You’re a very efficient secretary according to my father, so I trust you,” natatandaan niyang sabi nito at may gana pang kumindat ang hudyo! Pangalawang araw pa lang nito noon sa ahensya.

Napataas ang kilay ni Kristine nang tingnan ang laman ng dalawang diskette sa computer. Mga data iyon ng girlfriends ng lalaki. Ang loke at may gana pang mag-record ng mga impormasyon ng mga babae nito!

Sa pagtatrabaho sa ilalim nito ay natanto ni Kristine kung gaano kahirap ang papel ng isang sekretarya. Halos nauubusan na siya ng dahilan sa mga nobya nito at hindi na rin niya maiwasang minsan ay magtaray sa mga ito. Ang pinakamahirap na parte ay kung paano niya maiiwas ang mga ito sa isa’t isa kapag nagkakasabay sa pagpunta sa opisina ng boss.

At ngayon nga ay hindi na naman niya matiis na magtaray. Sa pagkakataong ito ay si Duke na ang tinatarayan niya at hindi ang makukulit na babaeng naghahanap dito. Kanina pa ito titig na titig sa kanya habang nagbibigay ng instructions. Bagay na hindi naman nito ginagawa.

Sa halip na sumagot ay tumayo ito at nilapitan

siya. Pinagmasdan siya nito mula ulo hanggang paa.

Napahalukip siya at sinimangutan ito. Ano na naman kaya ang drama ng lalaking ito?

Walang babala na tinanggal nito ang makapal na salamin niya sa mata.

Napamaang si Kristine sa kapangahasan nito. Ngunit bago pa siya nakapagsalita ay lumigid na ito sa likuran niya at walang-anumang tinanggal ang pagkakapusod ng kanyang buhok.

Napatiim-bagang siya at bahagyang naikuyom ang mga kamay. Dumistansya siya sa lalaki bago ito hinarap.

“What did you do that for?”

Animo wala itong narinig. Nanatili itong nakatitig lang sa kanya na waring hindi makapaniwala sa natuklasan.

Sa unang pagkikita pa lamang nila ay may kakaibang damdamin na si Duke para kay Kristine sa kabila ng ayos ng dalaga na parang nilipasan ng panahon. Sa pagdaraan ng mga araw ay lalong yumayabong ang damdamin na iyon. Bagay na hindi nito maamin sa sarili.

“Sir?”

“Yes?”

Napakunot-noo siya. *Ano ba ang nangyayari sa lalaking ito?* naiiritang usal niya sa isipan. Huminga siya nang malalim bago nilapitan ang nakatulalang binata.

“Look...” kumumpas na saad niya. “Hindi ko alam kung anong klaseng hangin ang tumama sa iyo at pati ako ay pinaglalaruan mo. Wala akong panahon sa mga kalokohan mo, okay?” Pagkasabi niyon ay inagaw niya ang kanyang salamin na hawak pa rin niyo at nagmamartsang lumabas ng silid.

Ang malakas na pagsara niya sa pinto ang nakapagpabalik kay Duke sa kasalukuyan.

“Kristine?”

Napakamot ito sa batok nang matantong mag-isa na lang ito sa private office. Nangingiting tinungo nito ang pinto.

“Kristine...”

“Bakit na naman?” iritadong sagot ng dalaga. Nagkukukot pa rin ang loob niya sa kapangahasan nito. Ni hindi niya ito nilingon at nagkunwang abala sa pagko-computer.

Bagaman nabigla sa katarayan niya ay hindi ito

nagpahalata. Lumapit ito sa likuran niya.

“Alam mo...” panimula nito at hinawakan siya sa batok. Marahan iyong minasahe ng mga daliri nito. “Siguro kailangan nating mag-relax paminsan-minsan para naman mabawasan ang pressure natin sa trabaho. How about dinner tonight?”

Napahumindig siya sa ginawi nito. Pakiramdam niya ay nanayo ang kanyang balahibo sa batok nang maramdaman ang mainit na hininga ni Duke sanhi ng pagbulong nito sa tainga niya.

Biglang tumayo si Kristine at tinulak ang pangahas na binata. Naniningkit ang mga mata sa galit na hinarap niya ito. “Sinabi ko nang wala akong panahon sa mga kalokohan mo, Duke!”

“Bakit? Wala akong ginagawa sa iyo para mag-react ka nang ganyan.”

Lalo siyang nanggigil sa pagwawalang-bahala nito. Mariin siyang pumikit at mabilis na nagbilang sa isip.

Pinigil ni Duke na mapahalakhak sa pagkapikon ng dalaga. Inokupa nito ang kanyang silya at pinagmasdan si Kristine. Hindi nito malaman kung bakit natutuwa itong asarin ang sekretarya.

Napawi ang ngiti nito nang mapadako sa mga labi ng kaharap ang paningin nito. Natural ang pagkapula ng mga labi ni Kristine na parang kay lambot. Napalunok ito nang maisip kung ano ang magiging reaksyon ng dalaga kapag hinalikan.

Napataas ang kilay ni Kristine nang sa pagmulat ng mga mata ay makita ang masusing pagmamasid ng binata sa kanya. Naalarma siya nang mapansing bumaba ang tingin nito mula sa kanyang mukha at nagtagal sa dibdib niya. Bagaman maluwag ang kanyang damit, pakiramdam niya ay nawalan siya ng proteksyon sa mapanuring mga mata nito.

Hindi nakaila sa kanya ang pilyong kislap sa mga mata ni Duke gayundin ang pagkakangiti. Muling nanumbalik ang kanyang inis.

“May nakakatawa ba?” sarkastikong tanong niya.

Sa halip na sumagot ay tumayo ang lalaki at lalo pang lumapit sa kanya.

Bahagya siyang napaatras nang halos naubos na ang distansya sa pagitan nila. Natigilan siya nang lumapat ang likod niya sa dingding. Alam niya, hindi na siya makakaiwas pa sa binata. Taas-noong nakipagtitigan siya rito at humanda sa anumang gagawin nito. Hindi siya dapat magpakita ng takot.

Huminto ito sa paglapit nang makitang na-corner na siya. “How about dinner tonight?” nakangising saad nito.

“No way!” mariing tanggi niya.

“No?”

“No!”

Nagkibit-balikat ito at tuluyan nang lumapit kay Kristine. Idinikit nito ang katawan sa kanya.

Sinikap niyang umiwas kay Duke, pero maagap na nitong naitukod ang dalawang kamay sa magkabilang gilid niya. Wala siyang nagawa kundi iharang ang dalawang kamay sa pagitan nila.

“Ano ba’ng problema mo? Puwede ba, Duke, tawagan mo na lang ang isa sa mga girlfriends mo nang matapos na ito. Leave me alone!”

“Mas maganda ka kapag wala ito,” pawalang-bahalang saad nito at muling tinanggal ang salamin niya, at mas bagay sa iyo ang nakalugay ang buhok.” Marahang sinuklay ng mga daliri nito ang mahahabang hibla ng kanyang buhok na sing-itim ng kalangitan sa gabi.

“Duke!”

Hindi nito pinansin ang pagpoprotesta niya. Lalo pa siyang hinapit nito sa baywang nang mapakunot-noo ito. Bahagya nitong inilayo ang katawan sa kanya.

Nanlaki ang mga mata ni Kristine nang hapitin nito sa likuran ang damit niya. Lumabas ang mahubog na kurba ng katawan niya sa ginawa ito.

“My! What a body!” bulalas nito habang pinagmamasdan siya. “Pero mas maganda siguro kung magkakaroon ka pa ng konting laman.”

Sobra na ito! Hindi na niya kayang palagpasin ang kapangahasan nito. *Forgive me, Tito*, usal niya sa isipan na ang pinatutungkulan ay si Mr. Ramon Montero.

Nang muli itong humarap sa kanya ay walang babalang umigkas ang kamao niya.

Patihayang bumagsak sa carpet ang nabiglang si Duke. Nasapo nito ang isang pisngi.

Mabilis niyang kinuha ang shoulder bag at tuluy-tuloy na lumabas ng opisina. Ni hindi niya sinulyapan ang lalaki.

“Kristine, wait!”

Mabilis itong tumayo at sinundan siya. Hindi

na nito pinansin ang nagtatakang tingin ng nakakasalubong na empleyado.

Bubulung-bulong na pinaandar ni Kristine ang kotse. Sa sandaling iyon ay isang pasya ang nabuo niya—magre-resign na siya bilang secretary ni Duke bago pa lumala ang kapangahasan nito!

Pinatay niya ang makina ng kotse nang maalala si Mr. Ramon Montero. Ipinasya niyang tawagan muna ang matanda para hindi ito mabigla sa desisyon niya.

Kasalukuyan niyang hinihintay ang pagsagot sa kabilang linya nang magulantang siya sa ingay na nagmumula sa bintana ng sasakyan. Napasimangot siya nang makitang kumakatok si Duke doon. Ini-off niya ang cellphone at sinimulang buhayin ang makina ng sasakyan.

“Kristine, I’m sorry. Buksan mo ito, please. Mag-usap tayo.”

Natanto nitong wala siyang balak na makipag-usap dito nang hindi man lang siya tumingin sa gawi nito at unti-unting umusad ang sasakyan niya.

Hindi ito nasiraan ng loob. Humarang ito sa daraanan ng kotse.

Napilitan siyang ihinto ang sasakyan nang

makitang desidido si Duke na tumayo roon. Napilitan siyang buksan nang kaunti ang bintana ng kotse.

Nabuhayan ito ng loob nang makita ang aksyon niya. Mabilis itong lumapit sa nakabukas na bintana ng kotse.

“Kristine, I’m sorry,” ulit nito. “Pag-usapan natin ito, please.”

Mataman niyang pinagmasdan ito, pagkuwa’y muling pinausad ang kotse.

“Kristine!”

Tumingin siya rito at bahagyang ngumiti. Nakahinga ito nang maluwap. Bahagya itong umatras nang aktong bubuksan niya ang pinto ng sasakyan.

Ang pagbubukas ng pinto ng kotse na inaasahan nito ay hindi nangyari. Sa halip ay humarurot paalis ang sasakyan niya.

“Damn!” mariing usal ni Duke nang matantong nalansi niya ito. Mabilis nitong tinungo ang sariling sasakyan.

Binilisan ng dalaga ang pagpapatakbo nang makita sa side mirror ng kotse ang humahabol na si Duke.

“Talagang hindi ako lulubayan ng lalaking ito, ah!” bubulung-bulong na saad niya habang nag-iisip ng paraan kung paano ito matatakan. Alam niyang hindi ito titigil hangga’t hindi siya nakakausap.

Napangiti siya nang matanaw ang isang pulis trapiko.

Napakunot-noo ang binata at binagalan ang pagpapatakbo ng sasakyan nang matanaw si Kristine na nakikipag-usap sa pulis. *Bakit kaya?*

Ipinasya nitong bagalan na muna ang takbo ng kotse hanggang sa makalagpas sa pulis para hindi ito mapuna ng huli. Marahil ay balak itong ipahuli ng dalaga sa mabilis na pagpapatakbo nito ng saksakyan.

Pasipul-sipol pa si Duke habang marahang minamaneho ang sasakyan.

“Akala siguro ng babaeng ito ay maiisahan niya uli ako. Wise yata ako.”

Tulad ng inaasahan ay pinara ng pulis ang sasakyan nito. Ang ipinagtataka lang ni Duke ay kung bakit bumaba si Kristine sa sasakyan at kasunod ng pulis na lumalapit dito.

“Sir, pwede ba kayong bumaba sandali?” magalang na saad ng pulis makaraang silipin ito sa

bintana ng sasakyan.

Pormal ang anyo na bumaba si Duke. Tiningnan nito ang dalaga. Pormal din ang kanyang anyo habang nakatingin sa kanila ang pulis.

“Ano’ng violation ko, Sir?”

“Wala naman,” marahang sagot ng pulis habang pinagmamasdan ito. “Gusto ko lang malaman kung sinusundan mo ang sasakyan niya.”

Nagtataakang napatingin ito kay Kristine. Blangko pa rin ang reaksiyon niya.

“Oo.”

“Bakit?”

“Dahil gusto ko siyang makausap, pero ayaw niya kaya napilitan akong habulin ang kotse niya. Masama ba iyon?” kunot-noong tugon nito. Halos nahuhulaan na nito ang kanyang binabalak. “Saka, Sir, girlfriend ko naman iyan. Lovers’ quarrel, alam ninyo na.”

Napakamot sa ulo ang pulis at tumingin sa dalaga. “Akala ko ba, Miss, hindi ninyo siya kilala? Boyfriend ninyo pala ito, eh.”

“Mamang Pulis, sinungaling ang taong iyan,” nanggigigil na saad niya habang nakaturo ang isang

daliri kay Duke. “Hindi ko siya boyfriend! Lalapit ba naman ako sa iyo at hihingi ng tulong kung kilala ko ang lalaking iyan? Huwag ninyong sabihin na mas pinaniniwalaan ninyo siya.”

“Look,” naiiritang singit ni Duke, “huwag na nating idamay ang ibang tao sa problema natin, sweetheart. Hindi ko naman talaga girlfriend iyong babae na nakita mong kausap ko. Let’s talk, okay? Pasensya na kayo, Sarge.”

Napahumindig si Kristine. *Ang kapal talaga ng lalaking ito at pinalabas pa ako na selosa! Makikita mo! nanggagalaiting usal niya sa isipan.*

Pinalambot niya ang anyo ng mukha at parang maiiyak na hinawakan sa braso ang pulis. “Sir, ibig bang sabihin niyan ay pababayaang ninyo ako sa lalaking iyan? Alam naman natin na maraming *mapagkunwari* sa paligid natin, di ba?”

Natigilan ang alagad ng batas at muling tiningnan si Duke bago siya pinagmasdan.

Pinagbuti naman niya ang pag-arte. Alam niyang nakukuha na niya ang simpatya ng pulis.

“Sir, maraming kaso ang ganito, di ba? Kunwari asawa, girlfriend o kung anu-ano pa ang gimmick ng masasamang tao, pero iyon pala ay hoholdapin

lang at pag minalas pa ang biktima ay papatayin,” nanghihilakbot na susog niya na nagkunwaring natatakot.

“Gusto ba ninyong mangyari sa akin ang ganoon, Sir? Di ba kayo nandito para protektahan at ipagtanggol ang mga inosenteng kagaya ko sa masasamang kagaya ng lalaking iyan?” patuloy niya.

Overacting na yata ako, ah, muli niyang usal sa isipan makaraang yumuko para mapigil ang pagtawang nang mamasdan niya ang nakakunot-noong amo.

Naaawang tinapik ng pulis ang kamay niya, pagkuwa’y pormal ang anyo na hinarap si Duke.

“Ang mabuti pa ay sa presinto ka na magpaliwanag. Sumunod ka sa akin.”

“Pero, Sarge...”

Nang titigan ito ng pulis ay natanto ng binata na wala na itong magagawa pa. Tinitigan nito ng matalim si Kristine na nakangiting kumaway rito.

Natuwa siya nang mapakiusapan niya ang pulis na susunod na lang siya sa presinto. Idinahilan niyang gusto niya munang maiayos ang sarili bago pormal na magsampa ng reklamo laban kay Duke.

Mayamaya ay sinubukan niya ulit tawagan ang

ama ng binata.

“Tito Ramon?”

“Yes. Kristine, is that you?”

“Yes, Tito. G-gusto ko sana ipaalam sa iyo na magre-resign na ako bilang secretary ni Duke,” nauutal na saad niya.

“Ha! Aba’y bakit biglang-bigla naman yata ang desisyon mo, hija? Teka, si Duke ang dahilan, ano? Sabihin mo sa akin, anong kalokohan ang ginawa sa iyo ng anak ko?”

Natigilan siya. Sapat na bang dahilan ang kapangahasan ni Duke? Maintindihan kaya siya ng matanda?

2

“Duke.”

Napalingon si Duke at hindi makapaniwalang lumapit sa rehas. Mula nang ipasok siya ng pulis sa kulungan ay wala na siyang ginawa kundi mahiga, tumayo at maglakad-lakad sa loob niyon. Sinusuwerte pa rin siya dahil wala siyang inabutang bilanggo sa selda, kung di ay baka napaaway siya kapag kinursunada ng mga ito.

“Pa!”

“Kumusta ka na? Malamok ba diyan?”

Natigilan siya. May nahihigangan siyang panunudyo sa tono ng ama. Bakit parang natutuwa pa yata ito na nakakulong siya? Saka ano ang ginagawa nito sa lugar na ito gayong mahigpit ang bilin niya sa abogado nila na kaagad niyang tinawagan pagdating sa presinto na huwag ipapaalam sa mga magulang ang nangyari sa kanya? Nagdududang tinitigan niya ito.

“Ano’ng ginagawa ninyo dito?”

Bahagyang natawa si Mr. Montero. Pinagmasdan

nito si Duke na halos hindi maipinta ang mukha.

“Hindi ba dapat ako ang magtanong sa iyo kung paano ka napunta diyan? Babae ba ang dahilan”

“C’mon, Pa...” salubong ang mga kilay na saad niya. “Alam kong alam ninyo na ang secretary na ipinamana ninyo sa akin ang dahilan ng pagkakapunta ko dito. Sigurado ako na sa kanya mo nalaman na nandito ako.”

Tuluyan itong napahalakhak. Bagay na lalong nakaragdag sa ngitngit niya kay Kristine.

Makikita ng babaeng iyon. Pati sa Papa ay ipinahiya ako, aniya sa isipan.

Nang humupa ang katuwaan ay muli nitong hinara ang anak. “Hindi ba dapat ay magpasalamat ka sa kanya at hindi ka niya hinayaang lamukin magdamag diyan sa kulungan?” panunudyo nito.

Tumaas ang kanyang kilay. Bakit siya magpapasalamat sa dalaga gayong ito ang may kasalanan kung bakit siya nakulong? Mas tama siguro kung sasabihin ng ama na mag-isip siya ng paraan kung paano makakaganti sa ginawa nito. Pero alam niyang malabong mangyari iyon dahil binalaan siya nito sa una pa lang na huwag bibigyan ng problema si Kristine.

“Bueno, huwag kang mainip at matatapos na siguro ni Atty. Reyes ang mga papeles. Mabuti na lamang at kilala ko ang hepe dito kaya napakiusapan ko siya na huwag ka nang i-blotter.”

Maang siyang napatingin dito. Mataman niyang tiningnan ito.

“Hindi ko gusto ang tingin mo, Duke. Kung iniisip mo na sinuhulan ko ang mga pulis dito ay nagkakamali ka.”

“Kung gayon ay paano mo siyang nakumbinsi na huwag i-record ang kaso ko, Papa?”

“Kinumbinsi ko si Kristine na kausapin ang hepe ng pulisya na nagkataong naging kaeskwela ko noong high school ako, kaya napagkamalan ka niyang masamang tao nang sundan mo siya para kunin ang mga papeles na ibinilin ko sa iyo.”

Maang na napatingin si Duke sa ama. Diyata at nagawa nitong magsinungaling para lang hindi mapahiya ang dalaga.

“Bueno, mauuna na ako sa iyo at hinihintay na ako ni Kristine sa kotse. Bibigyan ko pa siya ng instructions sa bago niyang trabaho.”

“Bagong trabaho? Huwag ninyong sabihing...”

“Tama ang iniisip mo. Dahil sa kalokohan mo ay nag-resign si Kristine bilang secretary mo. Mabuti na lang at napakiusapan ko pa na magtrabaho uli sa atin. She’s an asset to the company, don’t you know that?”

Hindi na halos naiintindihan ni Duke ang sinasabi ng ama. Ang kaalamang nag-resign na si Kristine bilang secretary niya ay tumimo sa kanyang isipan.

“Pa, palagay ko ay kailangang magkausap muna kami ni Kristine. After all, ako na ang boss niya at hindi ikaw. Sa akin siya dapat magpaalam na magre-resign na siya.”

Matamang tiningnan ni Mr. Montero ang anak, pagkuwa’y lihim na napangiti. “Too late, son. Kilala ko si Kristine at ako na ang nagsasabi sa iyo na hindi siya mapipilit ng kahit sino na gawin ang isang bagay na ayaw niya. Sana ay nag-isip ka munang mabuti bago mo siya naisipang gawan ng kalokohan.”

Ang sumunod na mga araw ay parang parusa hindi lang kay Duke kundi maging sa mga empleyado. Mahusay rin ang pansamantalang sekretarya na pumalit kay Kristine, pero hindi iyon nakabawas sa pagiging aburido ng binata. Sa tuwina ay mainitin ang kanyang ulo at sa kaunting pagkakamali ay

nasisigawan niya ang mga tauhan.

Ilang beses na rin niyang pinakiusapan ang ama na sabihin kung saan ipinasok si Kristine, pero sa tuwina ay umiiwas ito.

“Hello, sweetie pie.”

Napatingin siya sa pintuan. Nakita niyang ninenerbyos na nakatayo sa likuran ni Mary Jane si Lisa, ang bago niyang sekretarya.

“Sir, hindi ko ho siya mapigil. Sinabi ko nang busy kayo at ayaw maistorbo,” halos nagkakandatal na saad nito.

Napabuntung-hininga siya. Tinanguan niya si Lisa na nagmamadaling lumabas ng kanyang opisina. Pormal ang anyo na hinintay niyang makalapit ang bisita.

Sa halip na sa upuan sa harap ng mesa umupo si Mary Jane ay sa kandungan niya ito umupo. Parang asawa na ipinulupot nito ang dalawang braso sa kanyang leeg.

“Jane, marami akong tinatapos na trabaho ngayon. I’ll call you later, okay?”

Parang walang narining na sinundan ng isang daliri nito ang hugis ng mukha niya. “Nawawalan

ka nang panahon sa akin, sweetie pie. Almost one month mo na akong iniwasan.”

Bago pa siya nakasagot ay siniil na siya nito ng halik sa labi. Sa halip na madala ng paglalambing nito ay naasiwa siya. Maingat na kumalas siya rito at itinayo ito palayo sa kanya. Tinungo niya ang bintana at tumanaw sa labas habang nag-iisp kung paano niya mapapaalis ang dalaga nang hindi ito magagalit.

“What’s wrong, Duke?” nagtatakang tanong nito. “Dati-rati madikit lang ako sa iyo ay para kang kahoy na sinilaban.”

“Pagod lang siguro ako, Jane. Tatawagap na lang kita, okay?”

“Bakit hindi mo na lang ako derechahin? Alam ko naman na marami kami, pero okay lang sa akin kasi mahal kita.”

Napabuntung-hininga siya. Sa mga girlfriends niya, si Mary Jane ang kanyang paborito dahil bukod sa malambing ay hindi ito mapaghanap. Isa itong modelo. Marahil ay talagang nabalewala na niya ang dalaga kaya naghahanap ito ng kanyang panahon.

Humarap siya rito at gusto niyang sisihin ang sarili sa nakitang paghihirap na nakalarawan sa mukha nito. Alam niyang nasaktan niya ang kalooban

nito.

Napatiim-bagang siya at nilapitan ang umiiyak na dalaga. Marahan niyang pinahid ang luha nito.

“Duke, payag na ako.”

Napakunot-noo siya at tinitigan ito na napapahiyang napayuko.

“B-baka sakaling manumbalik ang pagtingin mo sa akin,” anas nito. “H-huwag kang mag-alala, hindi kita oobligahing panagutan ako kung ayaw mo. Gusto ko lang ipaglaban ang pag-ibig ko. Baka sakali...”

Natigilan si Duke. Matagal na niyang hinihiling kay Mary Jane ang bagay na sinasabi nito, ngunot palagi itong umiiwas at sinasabing kapag kasal na lang sila. Bagay na lalong nagpadagdag ng respeto niya sa babae. Nagkamali ba siya ng palagay rito?

“Alam mong hindi ikaw ang una kong nobyo, Duke, pero ikaw lang ang minahal ko nang ganito na gagawin ko ang lahat mahal in mo lang ako.”

Mataman niyang pinagmasdan ito matapos na marahang itaas ang baba nito para magkakarap sila. Wala siyang makitang pagkukunwari sa maamong mukha nito, bagkus ay pagsusumamo. Mahigpit niya itong nayakap.

Sa sandaling iyon ay na-realize niyang hindi niya dapat pinatulan ang mga babaeng lumalapit sa kanya dahil hindi lahat sa mga ito ay nakikipaglaro lang. Sino pa kaya sa kanyang mga girlfriends ang nasaktan niya gaya ng nagawa niya kay Mary Jane?

Mariin siyang napapikit. Isang desisyon ang nabuo niya. Isa-isa na niyang kakalasan ang mga girlfriends niya bago mahuli ang lahat!

Nang matiyak na kalmado na ang kaharap ay marahan niyang binitawan ito at masuyong inakay sa sofa.

Masuyo niya itong hinawakan sa baba at itinaas ang mukha nito para magkaharap sila.

“Jane, I’m sorry,” panimula niyan habang hindi inaalís ang pagkatitig sa mga mata nito. “I didn’t mean to hurt you. It’s just that...”

“You’re in love with another woman, hindi ba, Duke?” mapait na dugtong nito na muling nangilid ang luha sa mga mata.

Natigilan siya. Ibang babae nga ba ang dahilan ng biglaang desisyon niya na makipagkalas sa kanyang mga girlfriends? Pero sino? Si Kristine?

Bahagyang napailing si Duke at pilit na inalis sa

isipan ang dalaga.

“She’s lucky,” patuloy ni Mary Jane sa mahinang tinig. “Pwede ko ba siyang makilala, Duke? Gusto ko lang malaman kung papaano ka niya napaibig at tuloy ay batiin na rin siya.”

Napabuntong-hininga siya at masuyong hinawakan ang mga kamay nito at marahang pinisil iyon. “Jane, listen...” aniya “I admit, may babae nga na gumugulo sa isipan ko ngayon, pero hindi ko pa alam kung ano ba talaga ang nararamdaman ko para sa kanya.”

Malungkot na napangiti ito, pagkuwa’y binawi ang mga kamay kay Duke at tumayo. Marahan itong lumakad patungo sa pinto.

Naiiling na tumayo na rin siya at mabilis na umagapay sa dalaga.

“Jane...” Pinigilan niya ito sa isang braso nang aktong bubuksan na nito ang pinto.

“Don’t worry, Duke, I’ll be okay,” malungkot na saad nito matapos tumingin muli sa kanya.

“Friends?”

Saglit siyang tinitigan nito, pagkuwa’y pilit na ngumiti. “Yes, Duke. Friends,” anito na pinipigil ang

My Knight in Shining Armor - Bel Arcila

emosyon at yumakap nang mahigpit sa kanya.

“Salamat, Jane. Alam kong makakatagpo ka ng lalaking nakahihigit sa akin at nararapat sa pagmamahal mo. I will never forget you.”

Malungkot na tumango ito at marahan siyang dinampian ng halik sa labi bago tuluyang lumabas ng opisina niya.

Bagaman nalulungkot si Duke sa paghihiwalay nila ni Mary Jane ay nakaramdam siya ng kapayapaan ng kalooban.

Magaan ang pakiramdam na binalikan niya ang mga papeles sa mesa.

1

Zephyr's Place literally means place of the west wind. And the man who owned the place had the name of the gentle breeze—Zephyrus.

Zephyrus Yvo Montreal, the handsome and only heir of *ZYM*, ang isa sa pinakamalawak na clothing apparel sa Asya na itinayo tatlumpung taon na halos ang lumipas, kasabay ng pagsilang ng nag-iisang tagapagmana nito na siya ring pinagmulan ng pangalan ng kompanya. *ZYM*, being the acronym of its heir's name. Image model si Audrey Del Rio ng female apparel ng clothing line.

Sa kabila ng pinagdadaan, napangiti siya nang makita sa isip ang anyo ng binata. He was devastatingly handsome.

She heaved a deep sigh. Mula sa ulo ay ibinaba niya ang huge fashion shades na halos tinakpan na ang buong mukha niya. Kasabay ng pagtakip ng salamin sa mga mata niya ang pangingilid ng kanyang luha. She ignored the tears.

Nagsimula siyang humakbang patungo sa lugar. Wala siyang pakialam kung kasagsagan man ng dilim

at nakasuot siya ng dark shades, paraan niya iyon para hindi siya makilala. Ayaw na niyang dagdagan pa ang mga naunang masamang write-ups tungkol sa kanya.

At first, it was on the blind items. Noong una hindi alam ni Audrey na siya pala ang tinutukoy na modelo na inahas daw ang kasintahan ng kaibigang modelo rin. Wala siyang ideya na nakadiseno na pala ang pagsira sa kanya. At ang masakit pa, ang dalawang taong pinagtiwalaan niya ang nasa likod ng pangyayari. Ang kaibigan niyang si Czereena at si Kirby.

Si Kirby Chains ay isang Fil-American na tubong Denver, Colorado. Nakilala niya ito sa isang fashion event may tatlong buwan na ang lumipas. Nagpakita ito ng interes sa kanya.

Wala siyang maipintas dito. And he always made her feel special. Kaya kaagad niya itong nakagaanan ng loob. At nitong huling buwan lamang, they became exclusive.

Pero pagpapanggap lamang pala ang lahat. At pagkatapos ng isang gabing iyon—napahugot siya ng paghinga. Kirby was deliberately seducing her that night. Inihatid siya nito sa kanyang pad mula sa katatapos lamang na rehearsal niya sa entablado

para sa malawakang fashion show, kung saan unang ilalabas ang summer collection ng *ZYM* at pang-finale siya.

Pagod na pagod si Audrey nang gabing iyon. At katulad ng iba pang pagkakataon na ginawa iyon ni Kirby, nagtapos sila sa paglabas nito ng pad niya na masama ang mood. She did not give in to his desires.

Inakala niyang ilang araw lamang ay okay na silang muli. Ngunit nagkamali siya. Pagkatapos ng pangyayaring iyon, hindi na nagpakita sa kanya ang lalaki. Hindi na rin nito sinagot pa ang mga tawag niya.

Nakita na lamang niya muli ang lalaki nang lumabas ito sa telebisyon, kasama ang lagi na ay luhaang si Czereena, para patotohanan ang mga nakasulat sa blind items—that she, Audrey, stole her boyfriend! At si Kirby ang tinutukoy na nobyo ni Czereena!

She and her manager Geoff were shocked. Hindi nila napaghandaan ang unos na parating at lalong hindi sila handa sa laban.

Mahigit isang linggong mukha nilang tatlo nina Czereena at Kirby ang laman ng telebisyon at pahayagan. At siya ang kontrabida sa scenario!

Mas pinili niyang hindi magsalita at sa halip, pinilit niyang makipag-ugnayan kay Kirby. Pinuntahan niya ito sa inuupahan nitong bachelor's pad.

“I never loved you,” malupit nitong sinabi habang hinahagod ng tingin ang mukha niya. *Sunud-sunod ang paghitit nito ng sigarilyo at pagbuga ng usok sa ere. “I want you, yes. You have a desirable body, Audrey.”* Ngumisi ito at hinagod siya nito ng malisyosong tingin na nagpaatras sa kanya malapit sa pinto. Hindi niya mapaniwalaang ito ang lalaking pulos kabaitan ang ipinakita sa kanya.

Naglaho ang ngisi nito at napalitan ng lamig ang expression sa mga mata. *“Anyway, wala man akong napala sa 'yo, Audrey, the purpose was served. Hon, you can come out!”* Nagsalubong ang mga kilay niya. *Kasama nito si Czereena?*

Hindi na siya nagulat nang lumitaw sa sala ang bulto ni Czereena. Tanging tuwalya lamang ang nagtatakip sa hubad nitong katawan. “Audrey,” she was beaming a winning wicked smile. Ngayon niya napagtantong hindi pala niya kilala ang babaeng itinuring niyang kaibigan.

Nasa modeling industry na si Czereena bago siya pumasok sa larangang iyon five years ago. Dalawampung taong gulang siya nang humiwalay

siya sa pamilyang nakatira sa Houston, Texas para tuparin ang mga pangarap niyang maging modelo. At si Czereena ang una niyang naging kaibigan sa industriya.

Tama pala ang sinasabi ng ilan, na ang pinakamasamang kaaway ay isang kaibigan.

Sa tiyak na mga hakbang ay lumapit si Czereena kay Kirby. At mainit na naglapat ang mga labi ng dalawa na nagpasinghap sa kanya. Pakiramdam ni Audrey ay may nadurog sa pagkatao niya sa nasaksihan. Pero pagsisihan man niya ang ginawa niyang pagpunta rito ay huli na.

“He’s my fiancé,” ani Czereena nang sa wakas ay tumigil ang dalawa sa paghahalikan. Pinadaanan nito ng hinlalaki ang gilid ng labi ni Kirby. The man smiled and playfully bit her finger. She laughed in a sexy voice. “Nagulat ka ba?” tanong pa nito na nakataas ang kilay, puno ng pang-uyam ang mga mata. “Sumunod siya sa Manila dahil sa akin—dahil gusto kong makilala mo siya at ibigin.” Lumawak ang ngisi nito. Pero mayamaya lamang, nahalinhan na ng galit ang damdamin sa mga mata nito.

Nagtaka siya; ano ang pwede dahilan nito para magalit sa kanya?

“Itinuring kitang kaibigan,” panunumbat niya rito sa mahinang tinig. “Ano’ng—”

“Kaibigan?” ulit ni Czereena at mapaklang tumawa. “Kahit kailan hindi kita itinuring na kaibigan, Audrey!” tila proud pang deklarasyon nito. “You’re nothing but pain in my ass!”

“Pain in—wala akong matandaang masamang ginawa ko sa ’yo—”

“Wala? Hah!” marahas na agaw nito sa iba pa niyang sasabihin. “Kinuha mo ang lahat ng dapat ay akin!” she shouted angrily. “Lahat ng pinangarap kong endorsements at projects! I’ve been in the business for years before you came. Pero ano? Pati ang pagiging cover girl sa magazines, na matagal ko nang hinahangad ay inangkin mo! It would have been mine, Audrey!”

Napailing siya. So, it was professional jealousy. Hindi niya inaasahang ganito pala kalalim ang galit nito sa kanya. Ang galing nito sa pagtatago ng tunay na damdamin.

“At ikaw pa ang kinuhang image model ng ZYM, damn you!”

Akmang susugurin siya nito pero mabilis itong napigilan ni Kirby. “Hindi mo na kailangang gawin iyan, Hon,” at makahulugan ang tinging ipinukol nito

kay Czereena. “Hell is waiting outside.”

“Get out!” marahas na sigaw ng babae. Hindi na hinintay ni Audrey na ulitin nito ang sinabi. Mabilis siyang lumabas sa pad ni Kirby. At nang nasa lobby na siya ng condominium building, doon lamang niya naunawaan ang kahulugan ng sinabi ni Kirby kanina.

May reporters palang nakaabang sa kanya. Pakiramdam niya ay isa siyang kriminal na dinumog at inusig ng mga ito. Nasilaw siya sa mga flash ng camera.

Nakaramdam na siya ng panghihina nang mga sumunod na sandali. At kasabay ng pangigingilid ng luha, naramdaman niyang tila umikot ang paligid kasunod ang panlalabo ng kanyang paningin hanggang sa lamunin ng dilim ang kamalayan niya.

Natagpuan niya ang sarili sa ospital at nagbabantay sa kanya ang manager-friend niyang si Geoff. Nag-aalala man ito sa kanya ay sinabihan pa rin siya na hindi na siya dapat nagpunta sa unit ni Kirby dahil lalo lamang madaragdagan ang issues tungkol sa kanya.

At kinabukasan nga, siya ang nasa headlines. At negative write-ups pa ang mga nabasa niya. Lalo na siyang nanghina.

Ayon kay Geoff, kung hindi raw sana siya nahuli

ng mga reporters sa akto na nagmula sa unit ni Kirby at umiiyak ay maaari pa nilang pasinungalingan ang akusasyon. Pero nakabuo na ng speculation ang media—na naroon siya sa condo para magsumamo kay Kirby. Maging ang publiko ay hinusgahan na rin siya.

Dahil sa negative publicity tungkol kay Audrey, unti-unting nawala ang mga kompanyang nag-aagawan para sa endorsements niya noon. Maging ang mga kaibigan niya ay isa-isa na ring lumalayo. There she realized, she was losing everything she worked hard for.

Nagsimula siyang ma-depress. Hindi umaalis sa tabi niya si Geoff maski sinabihan na niya itong mag-concentrate na lamang sa ibang talents nito. Nakatanggap din siya ng tawag mula sa kanyang pamilya sa Houston. Para hindi mag-aalala ang mga ito, nagsinungaling siya na maayos lamang siya at hindi siya apektado sa negative write-ups tungkol sa kanya.

*Still hurting inside, Audrey sighed. Ngayon heto siya, pagkatapos ng ilang linggo niyang pagkukulong sa unit niya pagkatapos ma-discharge sa ospital, ngayong gabi ay nagpasya siyang lumabas. Dinala siya ng kanyang mga paa sa *Zephyr's Place*. She knew she was safe here.*

“Iyong pinakamatapang, Handsome,” turan niya sa bartender na si Tony matapos maupo sa harap ng counter. Sa paraan niya ng pagtawag dito ay alam niyang nakilala na siya ng lalaki.

“Mag-isa ka ba, Ma’am Beauty?” mahinang tanong nito sa nag-aalalang tono.

Mapait siyang ngumiti rito. “I was condemned— hindi mo ba nabalitaan? My drink, please...”

Audrey, the perfect picture of innocence, as a known fashion magazine quoted nang mag-pose siya roon bilang cover girl. The first-rate model with a face of an angel, who could make the whole crowd applause when she comes out into the catwalk... and could make the male population cheered with just one smile.

Nasaan na ba ang babaeng tinutukoy ng mga positibong write-ups noon?

Nang ilapag ni Tony ang kopita ng pinakamatapang na inumin ay itinuloy niya iyon sa mga labi. Minuto lamang ay nasaid na niya iyon. Muli siyang humingi ng refill. Refill after refill. Gusto niyang lunurin sa alak ang sarili ngayong gabi.

Nang makita marahil nito na lasing na siya ay

tumanggi ito na bigyan siya ulit ng inumin. Naglabas na lamang siya ng pera at iniwan sa tabi ng kopita niyang wala nang laman.

“Thanks, Handsome.” Nahagip pa ng pandinig niya ang ‘oh’ ng ilang customers na nadaanan niya nang sumuray siya. Ipinilig ni Audrey ang ulo at pinilit ayusin ang lakad. Mayamaya ay luminaw muli ang paningin niya.

Derecho ang mga hakbang niya patungo sa pinto ng bar. Nang maramdaman niyang may umalalay sa kanyang siko ay pumiksi siya nang hindi iyon nililingon. Hindi na tuwid ang lakad niya habang patungo siya sa kanyang kotse.

Nasa gitna na siya ng parking area nang makarinig siya ng tikhim. Nang lumingon siya ay palapit sa kanya ang dalawang lalaki. *Trouble*, gustoip niya. Nahihilo man ay kaya pa niyang protektahan ang sarili.

“Thahatid ka na namin, Miss,” anang isa. May kutob siyang hindi siya nakilala ng mga ito dahil sa shades na suot niya at sa kaswal niyang attire na jeans and sports shirt. Hindi iyon ang usual get-up niya kapag lumalabas.

“No, thank you,” aniya sa matatag na tono. “I

can manage.”

“You can’t,” anang isa pang lalaki na humakbang at ipinulupot ang mga braso sa baywang niya. “You’re drunk, sweetheart,” at tinangka siya nitong hagkan.

Marahas siyang kumawala. “I’m not, damn you!”

“Matapang, pare,” komento ng lalaking itinulak niya. “My type of woman, lumalaban...” Ngumisi ito.

Gumanti ng matabang na ngiti ang dalaga at itinaas ang baba. “Do you want to know who’s really this ‘sweetheart’ of yours, boy?” aniya sa tonong sarkastiko. Inihanda niya ang sarili sa planong gawin.

Nagtawanan ang dalawang lalaki. Siguro dahil sa anyo niyang lasing, slim pa ang build niya at naka-ponytail ang buhok, hindi man lang nagkaideya ang mga ito sa ibig niyang sabihin.

Tumatawang lumapit ang isa sa dalawa. Umigkas ang paa niya. Sapul ito sa dibdib. Mukha sana ang puntirya niya pero dahil nahihilo siya ay sumablay. Kamuntik na rin siyang mabuwal dahil umiikot ang pakiramdam niya. Napasandal si Audrey sa isa sa mga kotse na naroon.

Nagmura ang lalaking sinipa niya. Mabilis niyang kinapa sa bag ang paborito niyang laruan. It was a

specially designed raider. Kaagad niyang natanggal iyon mula sa leather case. Hinarap niyang muli ang mga kausap.

“Hindi lang iyon ang kaya kong gawin, you rotten bastards!” singhal niya at bahagyang inihagis sa ere ang punyal at mahigpit ring sinalo. “Kaya ko ring ibaon ang patalim na ito sa mga dibdib ninyo!” naniningkit ang mga matang dugtong niya. Mula sa liwanag ng ilaw sa mga posteng naroon ay kumislap ang patalim.

Nagkatinginan ang mga lalaki pagkatapos ay magkasunod na lumayo. Nakahinga nang maluwag si Audrey. She could fight using the raider with expertise. Parang kakambal na niya ang patalim katulad ng kaalaman niya sa martial arts na taglay na niya noong labing-pitong taong gulang pa siya. Kaibigan ng kanyang papa ang personal trainor niya noon, pero sa pakiramdam niya ngayon, sigurado siyang hindi niya tatamaan ang pakay.

Napaungol siya at napasubsob sa sasakyan ng sumalakay ang kung ano sa sikmura niya. *Not now...*

“Audrey?” Bigla siyang nag-angat ng ulo kasunod ang pagpihit para harapin ang pamilyar na boses na tumawag sa pangalan niya. Saka naman sumalakay

ang hilo at ang nagwawala niyang sikmura.

Naagapan siya ng lalaki sa baywang niya bago pa siya bumagsak. Kinabig siya nito, eksaktong naduwal siya. Kumalat sa dibdib nito ang inilabas niya. Narinig pa niya ang malutong nitong mura.

Mula sa pagkakasubsob sa dibdib nito ay unti-unti siyang nag-angat ng ulo para makita ang expression sa mukha nito. But her vision became blurred.

“I... I’m sorry, Sir Yvo....” Then she passed out, in his arms...

2

Wearing nothing but boxer shorts, Yvo entered his room. Pero dahil sa bisita niya nang nakaraang gabi ay napilitan siyang matulog sa sofa sa sala ng condo unit niya.

At ngayon, pasado alas diez na ay tulog pa rin si Audrey—si Audrey na ngayon ay nakahiga sa kama niya, yakap ang kanyang mga unan at suot ang isa sa mga worn-out shirts niya. Kinailangan niya itong bihisan nang nagdaang gabi dahil basang-basa ng pinaghalong pawis at suka ang damit nito.

He sighed. Walang tunog na humakbang siya palapit dito matapos niyang ilapag sa mesita ang tangan niyang puswelo ng kape.

Audrey appeared to be a lost angel. Nakasabog ang dark hair nito na kumikinang sa tama ng liwanag ng araw na tumatagos sa mga siwang ng blinds. Halatang-halata pa ang pamamaga ng mga mata nito, para bang mahabang sandali ang inukol nito sa pag-iyak. Bakas din ang hapis sa maganda nitong mukha.

Ngayon niya natitiyak na apektado ang dalaga sa mga issues na lumabas laban dito, taliwas sa

paniniwala ng daddy niya na ang pananahimik nito ay strategy nito at ni Geoff para talunin ang mga intriga. His father said that Audrey was a strong woman. Balewala raw rito ang mga negative issues na naglalabasan. Iyon din ang akala niya, pero nang nakausap niya si Geoff at sinabi nito ang tunay na nangyayari sa career ng dalaga, hindi niya napigilang mag-alala.

Malaki ang naging papel ni Audrey para makilala ang *ZYM* clothing sa Pilipinas. Maging ang mga intrigang nakakasira ng reputasyon na ibinabato rito ngayon ay maganda ang naging epekto sa negosyo nila. Higit pang nakilala ang clothing lines ng *ZYM*, lalo na ang female apparel kung saan image model ito. Maging ang summer collection na kalalabas lamang ay higit pa sa inaasahan nila ang sales.

Kung positibo ang hatid ng mga intriga sa negosyo nila, negatibo naman iyon para sa modelo, mismo kay Geoff nanggaling ang impormasyon. Sinabi rin nito na ang dalaga pa ang nagpilit na bitawan na ito ng manager at mag-focus muna sa ibang talents nito.

At nang nakalipas na gabi, nagulat pa siya nang itawag sa kanya ni Tony na nasa bar ang controversial na modelo at nagpapakalunod sa alak. Mula sa opisina niya ay bumaba siya sa bar. Sinundan niya ang

babae at nakita pa niya ang ginawa nito sa dalawang lalaki. Napangiti siya, hanggang ngayon ay hindi pa rin siya makapaniwala na magagawa nitong sindakin ang dalawang iyon.

At sumadsad sa pavement ang lalaking sinipa nito! He was amazed. Ang tingin niya kay Audrey kahit ipis ay hindi sasaktan. Napakaamo ng anyo nito. Pero sa nasaksihan niyang ginawa nito, nagbago ang tingin niya rito.

And goodness, she played with the knife so well!

Yvo couldn't help but admire this woman. Ni hindi nito kinailangan ang tulong niya para itaboy ang mga lalaking nang-harass dito. Kung ibang babae marahil ay baka natangay na sa kung saan.

Napangiwi siya nang maalala ang ginawa nito sa dibdib niya. But then, it was all right. The 'sorry' she uttered before she passed out was more than enough.

“S-Sir Yvo?”

Nagulat pa siya nang marinig ang tinig ng babaeng iniisip niya. Nagising ba ito dahil naramdaman ang titig niya? Tumikhim siya para ikondisyon ang boses. Nagtama ang mga mata nila. Hindi siya nagbaba ng tingin.

Umawang ang bibig nito at nanlaki ang mga mata matapos hagurin ng tingin ang sarili. He was sure it was fear he saw in her gorgeous bright eyes.

“What... what happened?” she asked, confused. Muli nitong niyuko ang sarili at tila pinakiramdaman kung may kakaiba sa katawan nito.

Gusto niyang tumawa nang malakas. Iniisip ba nitong ginawan niya ito ng masama?

“I had to change your clothes,” sabi niya sa kaswal na tono. Napamaang ito; bumalik sa mukha niya ang mga mata ng dalaga.

“You... you took off my clothes?” Amused na napangiti siya nang mag-blush ito. Napalunok ito. “Ibig mong sabihin... ibig mong sabihin—”

“Yes,” agaw niya. “I took off your clothes. I’ve seen the tiny clothing underneath your wet shirt. Isinuot ko sa ’yo ang t-shirt ko dahil wala akong pagpipilian. Ano pa ang gusto mong malaman?”

Nakamaang lamang si Audrey sa binata sa mahabang segundong lumipas. Wala siyang mahagilap na tamang salita para sabihin.

Gusto niyang lumubog sa hiya. Of all people,

bakit kay Yvo Montreal pa! Lihim niyang nahiling na sana bumuka na lamang ang sahig at lamunin siya nang sa ganoon ay matakasan na niya ang embarrassing moment na ito.

Hinubaran ako? Oh, my...

Kumilos si Yvo, kinuha ang tasa ng kape sa mesita. “Here, drink the coffee,” anito nang umupo sa gilid ng kama at iniabot sa kanya ang hawak. “Para gumaan ang pakiramdam mo,”

“S-salamat, Sir Yvo. P-pasensya ka na kagabi... s-salamat rin sa... sa ginawa mong pagbibihis sa akin.” Hindi niya mapigil ang pag-stammer.

“You’re welcome,” simpleng sagot nito. “Nasa ibaba na rin ang kotse mo, ipinahatid ko rito kagabi. Ang raider mo, nasa bag na rin.” Natigil siya sa akmang paghigop ng kape mula sa tasa. Nag-flashback sa utak ang pangyayari.

“S-salamat...”

“Nakita ko ang ginawa mo.”

“Anong ginawa ko?” painosente niyang susog na hindi nag-aangat ng tingin rito.

“Hindi ako naniniwalang hindi mo maalala.” Hindi pa rin siya umimik. Itinuloy niya ang naantalang

paghigop ng kape. “Hindi halatang malakas kang sumipa.”

“Epekto ng alak,” pabiro niyang tugon.

“How about the raider?”

“The raider’s mine,” sagot niyang gusto ilayo ang usapan. “Gift ni Papa...”

Ngumiti ang lalaki, naramdaman niyang tinitigan siya. “Ano ang hindi mo gustong sabihin sa akin, Au?”

Au? Bakit parang magandang musika yata ang dinig ko? gustoip niya. “A-ano’ng ibig mong sabihin?”

“Na adept ka sa paghawak ng patalim? And that you could kick ass?”

Hindi siya umimik. Kahit kailan ay hindi niya ipinagyabang ang kakayahan niyang iyon. She wanted it to be discreet, tulad ng bilin sa kanya ng ama. Gagamitin niya lamang ang nalalaman kapag hiningi ng pagkakataon.

“What?” he urged.

“B-bakit mo naman gustoip ’yan?”

“The way you played with the knife—at lasing ka pa, halatang sanay na sanay kang hawakan ang

patalim. At may kutob akong masasalo mo ang punyal kahit nakapikit ka pa.”

“Kutob mo lang ’yon, Sir Yvo...”

“Don’t lie. Liars directly go to hell and get burned.”

Hindi niya napigilan ang pagngiti. Noon lamang siya nag-angat ng tingin sa kausap. Nakangiti rin si Yvo habang nakatitig sa mga mata niya.

“Okay, tama ka.”

“Kung ganoon, totoong ibabaon mo nga sa dibdib ng mga lalaking iyon ang punyal kung itinuloy nila ang assault?”

“I’m not sure If I’ll hit the mid chest,” pabiro niyang sagot. Wala naman siyang balak tuluyan ang dalawa nang nagdaang gabi; ang gusto niya lang ay iparating sa mga ito ang mensahe na hindi siya mahinang babae.

“Whoa! Don’t lie, Au,” paalala nito.

“Nahihilo ako, eh, apat na nga sila sa paningin ko kagabi.”

“Oh, woman! You are deadly!”

“I’m not—I mean, I can be deadly only when

provoked. Pero mabait talaga ako, Sir Yvo!”

Ang lakas ng tawa nito. Napangiting itinuloy ni Audrey ang paghigop ng kape.

Nagpaunlak siya sa imbitasyon ni Yvo na mag-lunch siya sa unit nito bago umalis. Ipina-laundry na rin nito ang mga damit niya kaya maaari na niyang isuot mamaya.

Nahihiya man sa pag-aasikaso nito sa kanya ay isinantabi na lamang iyon ni Audrey habang nasa mesa sila at kumakain dahil talagang nagugutom na siya. Tila naaliw naman itong nagmamasid sa magana niyang pagkain.

“B-bakit?” hindi na nakatiis na usisa niya nang hindi pa rin nito inaalís ang tingin sa kanya.

“I thought models are diet-conscious,” tugon nito at uminom ng tubig.

“I’m starving,” balewalang katuwiran niya. “Sa gabi lang ako nagbabawas ng carbs and... I’m losing my job...” mapait niyang naidugtong. “Hindi ako naniniwalang hindi mo nabalitaan.” Hindi ito umimik. “Ang sama nila...” At tila may patalim na naman sa dibdib niya nang maalala sina Czereena

at Kirby.

Kumunot ang noo ni Yvo at nabura ang ngiti. Tumiim ang tingin nito sa kanya. Saka naman siya tila natauhan. Tahimik na lamang niyang itinuloy ang pagkain. Walang dahilan para magkuwento siya rito. Maging kay Geoff ay lihim pa rin ang buong detalye dahil lalo lamang siyang nasasaktan kapag nabubuhay sa isip niya ang ginawa ng dalawa. She was betrayed in a very painful way. At wala siyang lakas na ulit-ulitin ang sakit na likha niyon sa damdamin niya.

“Tell me your side of the story, Au,” sabi nito, there was authority beneath the gentle tone.

Natigil sa ere ang kutsarang may kanin na isusubo sana niya. “For what?” at itinuloy niya ang naudlot na pagsubo.

“Gusto kong malaman.” Itinigil nito ang pagkain at sumandal sa silya, tanda na handa itong makinig.

Napabuntong-hininga si Audrey. Nag-angat siya ng tingin sa binata. Their gazes locked. Hindi niya balak magsalita, but there was something in his eyes that made her speak up.

“Sa ilang taon ko sa industriya, dapat matibay na ang dibdib ko, di ba? Nalampasan ko lahat ng mga issues sa akin noon—pero ito siguro, tuluyan na akong

ibabagsak... at sa lahat ng pinagdaanan ko, ito na ang pinakamasakit....” Nagbara ang lalamunan niya. Inabot niya ang baso ng tubig at uminom. “Because they hit where I am vulnerable—my emotion... and it’s killing me.” Ngumiti siya nang mapait. “Bakit ko ba sinasabi sa ’yo ’to, Sir Yvo?” Tinapos na niya ang pagkain at uminom na lamang ng maraming tubig.

Itinuon niya ang mga mata sa nakasinding telebisyon kahit wala naman siyang maintindihan sa palabas.

“You love him?”

“Love him?” she echoed in a small voice. Gusto niyang humalakhak nang mapait at the same time, gusto mangilid ng luha niya sa tanong. She was mad at Kirby but still she cared about him. At napakasakit isiping ang tangi palang gusto nito ay saktan siya at pabagsakin—para kay Czereena na totoong mahal nito. “He was never mine...”

“Kung ganoon, totoong—”

“No,” agap ni Audrey habang umiiling. Huminga siya nang malalim. Ilang linggo na siyang pinagpipiyestahan ng diaryo at telebisyon pero hindi siya nagtangkang magpaliwanag sa publiko. Hindi niya maintindihan kung bakit pagdating kay

Yvo, gusto niyang itama ang maling paniniwala ng marami.

Nang mga sumunod na sandali ay natagpuan niya ang sariling nagkukuwento rito. At dahil hindi ito umimik at nanatiling nakikinig lamang—na para bang gusto lang siyang maglabas ng saloobin ay nagtuluy-tuloy ang paglalahad niya.

Namamasa ang kanyang mga mata nang matapos siya. She blinked away the tears.

“It’s healthy to cry once in a while, Au.” Napansin marahil nito na nagpipigil siya ng pag-iyak. Hindi siya umimik, ngumiti lamang nang malungkot. “Bakit hindi ka magsalita at sabihin ang panig mo?”

Napayuko siya. Matagal siyang hindi umimik.

“Ang totoo,” mayamaya ay basag niya sa katahimikan, “ang gusto kong gawin magpakalayo-layo na lang at takasan ang lahat. Mamundok. Doon sa lugar na malayo ako sa mapanghusgang mga mata ng publiko.” She paused. “Pero kagabi, habang masamang-masama ang pakiramdam ko at binastos ako ng dalawang lalaking iyon, I realized I need to fight back. Hindi ko sila dapat hayaang tuluyang sirain ang buhay ko.”

Saka siya nag-angat ng tingin sa binata at

nagtama ang kanilang mga mata. “Nitong mga nakalipas na linggo, ramdam na ramdam kong nag-iisa ako, Sir Yvo. Ang hirap pala... but what happened last night changed that lonesome feeling....” Hindi niya alam kung bakit siya nag-co-confide dito. Maybe she trusted him enough or she was just vulnerable at the moment.

“What do you mean?” nalitong usisa nito.

Hindi siya kumibo. Hindi niya sasabihin dito na nang sinalo siya nito nang nakaraang gabi at payakap siyang itinayo, naramdaman niyang may mga tao pa rin palang nasa paligid para alalayan siya. Hindi pa siya tinalikuran ng buong mundo. And she was not alone, after all.

Hindi na rin ito umimik, tinitigan lamang siya. Sinalubong niya ang mga mata nito. “You’re looking at me as if I am your lifeline,” anito at ngumiti.

She smiled back. Natumbok nito ang eksaktong iniisip niya. Namuo ang isang plano sa kanyang utak kanina lamang—kaninang tinititigan niya ito pagkagising niya. “Would you help me, Sir Yvo?”

“Anything, basta kaya ko.” Dinala nito sa bibig ang baso ng tubig at uminom.

“Will you be my boyfriend?” walang gatol niyang

deklara. Malakas itong naubo. Kamuntik nang maibuga sa mukha niya ang tubig na ininom.

Kung sa ibang pagkakataon ay tatawa si Audrey, pero hindi sa mga sandaling ito. Kailangan niya itong mapapayag sa plano niya. Iyon lang ang naiisip niyang paraan para maayos ang gulong likha nina Kirby at Czereena sa buhay niya.

At tiyak na magngingitngit si Czereena—kapag ang mismong tagapagmana ng *ZYM* ang lalantad na nobyo niya! Sa credibility ng kompanya, walang sinuman ang mag-iisip na nagpapanggap lamang sila lalo at hindi publicized ang relasyon nila noon ni Kirby. At ngayon niya gustoip na tama lamang ang hindi niya pagsasalita sa issue.

“May... may girlfriend ka?” tanong niya nang hindi pa rin ito umiimik at nakatingin lamang sa kanyang mukha. “Siguro... siguro maiintindihan naman niya kung ipaliliwanag ko na magpapanggap lang tayo—sa media at sa publiko. Iyon lang kasi ang paraan para magawa kong pasinungalingan ang lahat ng akusasyon nina Czereena at Kirby. It’s going to be my words against them—kung sino ang higit na kapani-paniwala ay siyang panalo sa huli.”

Napahugot siya ng hininga. “Magbabago ang perception ng publiko kapag nalaman nilang ikaw

ang nobyo ko, Sir Yvo. Look, if you're mine, hindi ko kailangang mang-agaw ng boyfriend ng iba, di ba? Why would I do that when I already have the best?"

Tumiim ang titig nito sa kanya, gumalaw rin ang sulok ng labi na para bang may nasabi siyang maganda. Pero kaagad din itong pumormal.

“Gagamitin mo ako?”

Hindi siya nakaimik. Napabuntong-hininga na hinawakan ni Audrey ang kamay nito at naramdaman niya ang tila kuryenteng dumaloy sa kanyang mga ugat. Pero tinatagan niya ang loob. “P-please?” Hindi ito tuminag. “Kung hindi lantad sa publiko na bading si Geoff, siya na lang sana...”

“Au—”

“Gagawin ko ang kahit ano kapalit ng pabor na hinihingi ko, Sir Yvo. Kahit habambuhay mo akong gawing alipin dito sa unit mo, o kahit maging image model ako ng *ZYM* all my life—nang walang bayad, okay lang, please...” she sounded desperate. And she was.

“What if I asked you to strip in front of me, are you going to do it?”

Nalaglag ang panga niya sa tinuran nito. Binitiwang

niya ang kamay nito at hindi makapaniwalang napamaang na lamang.

Would you ask me to? Blangko ang mukha ng lalaki kaya hindi niya alam ang eksaktong tumatakbo sa utak nito. Mali ba ang impresyon niya sa uri ng pagkatao nito?

Pumuno sa silid ang pagtawa ni Yvo na ikinagulat pa niya. “At naniwala ka nga?” Hindi na niya ikinubli ang relieved na paghinga. She smiled at him.

“Gawin mo na lang akong katulong mo, Sir Yvo,” aniya. “Marunong akong magluto, maglinis at maglaba—sa washing machine. Nagsusugat kasi ang kamay ko kapag nagkukusot. And my long nails, napuputol.” Lalo na itong tumawa sa litanya niya.

“Okay, let’s say pumayag ako sa gusto mo. Paano natin makukumbinsi ang publiko, Au? I’m telling you, hindi ako artista at lalong hindi ako mahilig sa publicity.”

“Madali na lang ’yon. Pumayag ka na muna.” Muli ay natawa ito. “Will you be my boyfriend until this mess is over?” ang tono niya ay nagpo-propose.

He gazed at her for a long moment. Napapangiting umiiling ito.

“Okay,” sa wakas ay nagsalita ito. “I will.” Isang malutong na ‘yes’ ang tugon niya. Sa kagalakan ay nayakap niya ito nang mahigpit.

“Oops! Sorry...” Nakangiwi siyang dumistansya nang mapagtanto ang ginawa. Nag-init ang mga pisngi niya.

“Kung mamumula ang pisngi mo tuwing yayakapin mo ako, unang labas pa lang natin sa telebisyon, mabubuking na kaagad ang pagpapanggap natin,” anito at kumilos ang mga braso. Nakulong si Audrey sa yakap nito. Hindi niya alam kung bakit saglit na huminto ang paghinga niya sa ginawa nito.

“Para mapaniwala natin sila, kailangang comfortable tayo sa isa’t isa. Dapat panatag ka sa yakap ko at—” Dumistansya ito, hinanap ang mga mata niya, “—at hindi ka mistulang tatakbo kapag hahagkan kita.” At bumaba sa mga labi niya ang mga mata nito na para bang iniisip kung paano siya hahagkan. Hindi niya napigilan ang paglunok. “Huwag mong gagawin iyan sa harap ng camera,” magaan nitong turan at kaswal na humagod sa buhok niya ang isang kamay nito.

“A-ang alin?” susog niya.

“Swallowing. Halata tuloy na hindi ka panatag

sa akin. Are you afraid of me?”

“No...”

“Are you sure?” Halos gahibla na lamang ang layo ng mukha ni Yvo sa kanya at humahaplos na sa pisngi niya ang mabango nitong hininga.

“S-sure...” nauutal niyang tugon.

“Kung ganoon, bakit hindi ka na halos humihinga?” Nag-init muli ang mukha niya. Napahiya na talaga siya kaya hindi na niya magawang salubungin pa ang titig nito. “What?” he urged, nasa boses ang pagkaaliw. Sa halip na sumagot ay itinago niya ang mukha sa pamamagitan ng pagsubsob sa dibdib nito.

“Please, don’t tease me. Hindi... hindi rin ako sanay sa ganito. Modelo ako at hindi artista.”

He laughed. Amusement ang nahimigan ni Audrey sa tawang iyon. “Pero ang sabi mo kanina, pumayag lang ako, madali na para sa ’yo ang lahat?”

“I thought it was that easy but I was wrong...”

“Practice makes perfect,” he said and tightened his arms around her. “Simulan natin sa yakap...” At naramdaman niyang humaplos ang kamay nito sa buhok niya. “I’ll get you out of this mess, Au, I promise....”

3

“Hi, Sir Yvo,” nakangiting bati ni Audrey nang mabungaran ang lalaki sa labas ng pad niya matapos niyang buksan ang pinto. Linggo noon at paalis na sana siya para magsimba. Tumawag ito kanina at nagtanong kung may lakad siya dahil nababagot daw ito sa bahay nito. Gabi pa ang punta nito sa bar at wala itong mga taong ka-meeting dahil Linggo.

“Tatlong araw na halos tayong nagpa-practice sa couple scheme nating ito, ‘Sir Yvo’ pa rin ang tawag mo sa akin?” nangingiting tanong nito, amused sa kanya.

“Oo nga pala. Zephyrus Yvo, sorry,” and she grinned. Ngumiwi naman ito.

“That name is too long. Just ‘Yvo’, sweetheart.” Hinapit nito ang dalaga at hinagkan siya sa pisngi. “I missed you,” bulong pa nito bago siya niyakap. Napag-usapan na nila ang mga ganitong eksena para sa napipinto nilang paglantad sa publiko ilang araw mula ngayon. Naitawag na rin niya kay Geoff ang lahat. Nagpaliwanag na siya at umabot pa ng madaling-araw ang paglalahad niya rito ng buong kuwento.

“Gusto mong sumama sa akin na magsimba?”

“Yeah,” maikling tugon nito, nakaakbay pa rin sa kanya.

Ngumiti siya. “I’ll just get my handbag.”

Ilang sandali pa matapos niyang i-lock ang pinto ng unit niya ay nagsimula na silang maglakad. Pumaikot sa baywang niya ang braso ni Yvo. Lihim siyang napangiti. Natitiyak niyang magugulantang si Czereena kapag lumabas siya sa telebisyon at ilantad ang ‘tunay’ niyang nobyo. At si Kirby? Nasasabik na siyang makita ang shocked na anyo nito.

“Ang kotse ko na ang gamitin natin,” anang binata at ipinagbukas siya ng pinto. Nang makaupo na ito sa driver seat ay dumukwang ito at ikinabit ang seat belt sa katawan niya.

“Thank you,” sabi niya. “Ang bait mo, napakasuwerte ng girlfriend mo sa ‘yo.”

He grinned. “But you’re my girlfriend, Audrey Del Rio!” Umingos siya na ikinatawa nito. Natawang pinisil ni Yvo ang kaliwang pisngi niya. “You’re cute doing that,” anito. “Para kang baby.”

“Baby, ha!” Tinaasan niya ito ng kilay.

“Yep, baby.” He leaned forward and gave her

nose a gentle pinch. Binuhay na nito ang makina ng sasakyan at umusad na sila patungo sa simbahan.

“Dumaan muna tayo sa fastfood,” sabi niya nang ilang metro na lang ang layo nila sa pupuntahan.

“Why?”

“May dinadalhan ako ng pasalubong sa simbahan,” kaswal niyang sagot. Tumango ito at kinabig ang manibela patungo sa drive-thru ng isang fastfood chain. Ilang minuto lang ay iniabot na nito sa kanya ang takeout food. “Thanks.”

Makaraan ang ilang sandali ay nasa simbahan na sila. Kaagad niyang binitbit ang takeout food at naunang lumabas matapos maiparada ni Yvo ang kotse.

Kaagad niyang nakita ang kaibigan. Napangiti siya. Ilang linggo na rin niya itong hindi napuntahan dahil sa pinagdadaanan niyang mga intriga.

“Tayo na?” ani Yvo nang nakatayo na ito sa harapan niya.

“Ten minutes pa bago magsimula ang mass, samahan mo muna ako.” Kaswal niyang ikinawit ang kamay sa braso nito. Naglakad sila palapit sa taong pakay niya.

“Lolo?” tawag niya sa atensyon ng isang matandang lalaki na nakaupo sa isang sulok, sa bandang tagiliran ng simbahan. Kinakalabit nito ang lumang gitara at mahinang kumakanta. Tumigil ito nang marinig ang boses niya. “Kumusta ho, Lo?” masigla niyang bati at lumapit sa tabi nito.

“Au?” paniniguro ni Lolo Cirio.

“Tama. Ang magandang si Au,” dugtong niya. Tumawa ito, ganoon din siya. “May pasalubong ho ako para sa inyo,” Inilagay niya sa kandungan nito ang supot ng pagkain.

“Na-miss kita, hija...” mahinang usal nito. Nabasa niya sa mga mata nitong walang paningin ang sinseridad sa sinabi.

Nagbara ang lalamunan ng dalaga. Hindi niya napigilan ang pamamasa ng mga mata. “Busy lang ho ako, na-miss ko rin kayo, Lo. May kasama nga ho pala ako, si Yvo...” Nilingon niya ang binata na nakamasid lamang sa ginagawa niya.

“Mabuti naman at sumama na siyang lapitan ako,” anang matanda.

“Hindi ho siya ang dati kong kasama noon, Lolo.” Si Kirby ang tinutukoy ng kausap niya. Sa ilang beses na pinupuntahan niya ang pulubi, ni minsan ay hindi

sumamang lumapit si Kirby. Lagi na ay naghihintay lamang ito sa kotse.

“Ganoon ba? Kumusta ka, hijo?”

“Mabuti ho,” ang itinugon ni Yvo.

“Alagaan mo itong si Au, napakabait ng batang ’yan,” payo nito.

Natawa siya sa sinabi ni Lolo Cirio. “Kayo talaga. Alam n’yo naman na kayang-kaya kong alagaan ang sarili ko, eh,”

Nagpaalam na siya rito mayamaya. Bago siya tumalikod ay maingat siyang naglagay ng pera sa latang nasa tabi nito.

Paminsan-minsang sinusulyapan ni Yvo ang katabing tahimik na nakahilig sa upuan at derechong nakatitig sa harapan. Sa tingin niya ay malayo ang tinatahak ng isip nito.

Nang lumabas sila sa simbahan kanina ay masigla pa itong nakikipagkuwentuhan sa kanya. Pero matapos ang saglit na pakikipag-usap nito sa telepono kanina ay nanahimik na ito.

Saglit niya itong dinaanan ng tingin. Hindi siya

makapaniwalang nakikipagkaibigan ito sa pulubing iyon.

Lihim siyang napangiti nang maalala kung paano nitong simpleng inihulog sa lata ang pera. It was as if she didn't want the old man to notice that she'd left money.

“Au?” tawag niya sa atensyon nito. Tumingin ang babae sa kanya. “Masyado kang tahimik. May problema?” Hindi ito umimik, umiling lamang. Gustoipan niyang kausapin ito para hindi siya mabingi sa katahimikan sa loob ng sasakyan. “Alam ba ni Lolo kung sino ka talaga?”

“Hindi niya kailangang malaman,” simpleng sagot nito. “Sapat nang kilala niya ako bilang ako—simpleng si Audrey.”

“Bakit hindi mo na lang siya tulungang madala sa *Home for the Aged* o sa mga private foundations na kumakalinga sa mga tulad niya? Mas maaalagaan siya doon.”

“I can't. May pamilya pa si Lolo at ayaw niya ring mahiwalay sa kanyang anak at apo. Hindi lang siya basta namamalimos sa labas ng simbahan. Gusto rin niyang tumugtog at marinig ng ibang tao ang musika niya. He was a former band member of his time.”

“Parang kilalang-kilala mo siya,” komento niyang hindi mapigilang hangaan ang katangian nito. Hindi niya inaasahang may ganitong bahagi ng pagkatao ang female endorser ng *ZYM*.

“Kaibigan ko si Lolo for years now,” simpleng tugon ni Audrey. “Hindi ko na nagisnan pa ang lolo ko. Ang pamilya ko naman nasa States kaya kapag may free time ako, dito na lang ako nagpupunta. Nakakalungkot rin mag-isa...”

“Hindi na ako magtataka kung ang susunod mong puntahan mga batang palaboy sa kalye.”

Ngumiti lamang ito. “Nabibisita ko lang sila tuwing Pasko. Dinadalaw ko sila bago ako umuwi ng Houston.”

“You mean...?”

“Yeah. May mga kaibigan rin akong batang pulubi.”

“Wow!” ang tanging nasabi ni Yvo. Ano pa ba ang mga nakatagong katangian ni Audrey? Oh, he wanted to know more about her.

“Kaya kailangan kong mag-ipon ng sapat na yaman,” anito mayamaya. “Magtatayo ako ng tahanan para sa mga tulad nila. I’d build a huge

family for the homeless.” Nakangiting nilingon siya nito. “It’s my greatest dream. Para magawa ko iyon, kailangan mo akong tulungang maibalik ang tiwala ng publiko or else, mananatiling pangarap na lang ang lahat. Ayaw mo n’on? You’ll be part of my plans to change the world!” At tumawa ito nang magaan. There was a certain spark of hope and determination in her eyes. Biro man ang pagkakasabi ng dalaga sa paksa, may kutob siyang gagawin nito ang sinasabi sa hinaharap.

Ito ba ang uri ng babaeng gustong sirain nina Czereena at Kirby?

“I am your slave, Miss Philanthropist,” nakangiting sakay niya. “Use me then—to change the world.” Masigla ang naging pagtawa nito. It was such bliss seeing this woman laugh like that.

Nang mawala ang tunog ng tawa nila ay namayani ang katahimikan.

Hanggang nakarating sila sa unit nito ay hindi na nagsalita pa ang dalaga.

Nang magpapaalam na si Yvo para magtungo sa bar, nag-angat ito ng mukha at nabasa niya ang magkakahalong takot, sakit at pag-aalala sa mga mata nito. Then she hugged him. Naguluhan man sa

inasal nito ay nagpaubaya siya.

“Si Geoff’yong tumawag kanina. Naayos na niya ang press conference. Gaganapin iyon on Monday afternoon next week. I don’t wanna be scared but I am. Please, huwag mo akong iiwan, ha?”

“Au...” He felt her fears tensing her body and protectiveness surge inside him like waves. Hinigpitan niya ang yakap dito. He wanted to make her feel he would stand by her and be her strength. And he wouldn’t let anyone hurt her more.

“Nangako ako, Au. Mananatili akong narito hangga’t hindi mo sinasabing iwan na kita.”

“Thanks...”

“Don’t thank me. Pagkatapos ng lahat ng ito, you’ll end up my slave, sweetheart. My beautiful slave,” biro niya para pagaanin ang usapan. Dahil nakasubsob ito sa dibdib niya, ramdam ni Yvo ang pagtawa nito.

Nakangiti pa rin ito nang mag-angat ng mukha sa kanya. “I’ll gladly obey, my lord and my master.”

He laughed and squeezed her gently.

“Tinamad na tuloy akong magpunta ng bar,” bulong niya matapos dumistansya. “Would it be okay

if I sleep here?”

Saglit na natigilan si Audrey at napatitig sa kanya. Makadalawang ulit itong nagbuka ng bibig, pero muli ring itinitikom iyon nang tila walang mahagilap sabihin.

“Uhm... sure. Sa kama ka, sa sofa bed na lang ako,” sa wakas ay nakapagsalita ito.

“Hindi ba puwedeng magkatabi tayo sa kama?” Napamaang ito sa kanya. Nakita marahil ang kislap sa mga mata niya kaya napangiti.

“Nasa ilalim ng unan ko ang raider kaya huwag kang magkakamali ng kilos. Kahit anak ka pa ni Mr. Chairman, walang boss-boss sa akin.” At inirapan siya nito na ikinatawa niya.

Oh, this woman was really fascinating... and so lovely... and sexy!

“Magluluto ako, kumain ka muna bago ka bumalik sa bar, Sir Yvo!” Pumihit na ito patalikod.

“Yes, Ma’am Audrey!” tudyo pa niya. “Hindi pa tayo kasal, ina-under mo na ako!” Mabibilis ang hakbang nito palayo. She was laughing. “Au!”

“What?”

“Pa-kiss, sweetheart!”

“Shut up!”

Nasa shower si Yvo nang tumunog ang cellphone nito. Naagaw niyon ang atensyon ni Audrey, pero hindi na lamang niya pinansin ang tawag hanggang sa huminto na ang tunog. Pero mayamaya, muli niyang narinig ang call alert ng cellphone ng binata. Natukso siyang tingnan ang nakasulat sa screen.

Beautiful Honey? Girlfriend ba nito ang tumatawag na iyon? Unti-unti siyang napabalik sa pagkakaupo sa kama. Hindi niya alam kung bakit tila bumigat ang pakiramdam niya. Nag-aalala lang marahil siya na pwede makaapekto ang nobya nito sa plano nila kaya hindi niya nagustuhan ang pagtawag nitong iyon.

Napabuntong-hininga na lamang siya at ibinagsak ang sarili sa kama. Mariin niyang ipinikit ang mga mata. *Matatapos rin ang lahat ng ito, Au, maging matatag ka lang...*

“Tama. Kaya ko ito. Kaya ko!”

“Alin ang kaya mo?” Napaigtad pa siya sa tinig ni Yvo. Nagmulat siya ng mga mata at bumalikwas ng bangon. Napalunok siya nang makita ang anyo nito.

Tuwalya lamang ang nagtatakip sa ibabang bahagi ng katawan nito! Mamasa-masa pa ang buhok nito, at tila nangingislap ang mga patak ng tubig sa dibdib.

“L-lalabas na muna ako.” Nagmamadali siyang bumaba sa kama at may panic sa kilos na naglakad siya patungo sa pinto. Hawak na niya ang doorknob nang muli itong magsalita.

“Ikaw ang kauna-unahang babaeng natakot nang makita akong hubad,” ani Yvo, mahihimigan ang amusement sa tinig nito.

“Hindi ako takot sa lalaking hubad,” depensa niyang hindi ito nililingon. “I’ve seen a lot of them on stage. Lalabas ako para makapagbihis ka,”

“Oh? Bakit hindi ka makatingin sa akin? C’mon, Au, makakapagbihis ako kahit nakatingin ka pa. Hindi mo kailangang lumabas.”

Hindi niya pinatulan ang paghahamon nito. Pinihit niya ang doorknob para mabuksan ang pinto.

“Natatakot ka nga,” malakas na turan nito.

“I said—” Nabitin sa ere ang sasabihin niya nang sa kanyang paglingon ay dibdib nito ang sumalubong sa kanya. Humakbang na pala ito palapit sa kanya nang hindi niya namamalayan. *Ano ba naman ang*

lalaking ito, parang pusa! angal niya sa isip.

“What?” he whispered softly. Umangat ang dalawang kamay ni Yvo at magaan dumantay sa mga balikat niya. Simpleng hawak lamang iyon pero matindi ang epekto sa kanya. She felt her knees weakening and her heart thumping crazily.

“S-Sir Yvo...” nausal ni Audrey, hindi magawang salubungin ang mga mata nito. Ang gusto niya ay lumabas ng silid nang mga sandaling iyon, pero wala naman siyang lakas na humakbang at kumawala sa hawak nito. Ano itong nangyayari sa kanya? Bakit mistula siyang natutunaw na yelo sa harapan nito?

Mula sa balikat niya ay umakyat sa batok niya ang isang kamay nito at huminto sa pisngi niya. His thumb gently touched her soft cheek. Napahugot siya ng paghinga kasunod ang pagpikit.

Nag-ring muli ang cellphone nito. Para silang napasong dumistansya sa isa’t isa. Tumikhim siya para ikondisyon ang lalamunan. “Si... si Beautiful Honey mo, kanina pa tumatawag,” pagbibigay-alam niya.

Natigilan si Yvo, pagkuwan ay pumihit ito patungo sa kinaroroonan ng aparato. Dinampot nito ang cellphone at sinipat ang screen. “Siya nga. My girlfriend.” At sinagot nito ang tawag.

Il Mio Amore - Aira Felicity

Hindi alam ni Audrey kung bakit pakiramdam niya ay may matalas na patalim na tumarak sa kanyang dibdib nang mga sandaling iyon.